BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Inaaprubahan ng Konseho ng Brampton ang 2022 Badyet ng Konseho ng Brampton na may ikaapat sa magkakasunod-sunod na pag-freeze sa buwis at pinakamataas na commitment sa pagpapalawak ng pangangalagang pangkalusugan sa Brampton

BRAMPTON, ON (Disyembre 8, 2021) – Magkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang 2022 Badyet ng Lungsod ng Brampton sa Espesyal na Pagpupulong ng Konseho sa araw na ito.

Sa loob ng termino nito, napapanatili ng Konseho ng Lungsod ng Brampton na una sa isip ang pagiging sustenable nito sa pinansyal, magkaisang nagsisikap para makamit ang halaga para sa mga residente at negosyo habang pinanatili ang labis na kahusayan sa serbisyo. Bilang pinakahuling Badyet para sa termino nito, ito ang ikaapat ng sa magkakasunod na mga taon na ang Konseho na ito ay maghahatid ng 0% na pag-akyat ng buwis sa ari-arian para tustusan ang Badyet ng Lungsod, habang pinanatili ang pinakamalaking kontribusyon na $117M sa mga reserve at nagpapakita ng commitment nito sa pagpapalawak ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtalaga ng $62.5M ng pondo para sa bagong Peel Memorial Hospital.

Kasama ng ikaapat sa magkakasunod na mga taon sa pag-freeze ng buwis, ang 2022 Badyet ay sumusuporta sa mga prayoridad ng Termino ng Konseho, at nakasentro sa pinansyal na pagka-sustenable, mga pagkakataon sa paglago at pagka-madaling nakakabangon habang patuloy na dinadaanan ng Lungsod at umaabante mula sa pandemyang COVID-19.

Mas maraming impormasyon tungkol sa 2022 Badyet ng Lungsod ang makikita dito.

**Batay sa mga numero**

- Ang aprubadong 2022 Badyet ay magbubunga sa 0% freeze sa buwis sa ari-arian sa porsyon ng Lungsod sa bayarin sa buwis.
- Ang kabuuang 2022 Badyet ay $1.1B, na binubuo ng $780M Operating budget (maintenance, mga utility, mga reserve, mga sahod ng kawani) at $341M badyet sa Capital (pagbili, malakihang pagkumpuni at paghalili sa mga asset: nga daan, gusali, atbp.).
- Pinanatili ng Badyet ng Lungsod ang pinakamalaking taunang kontribusyon na $117M sa mga reserve ng Lungsod, pinapalakas ang pinansyal na posisyon nito para sa mga sitwasyon sa hinaharap na hindi inaasahan at mga emerhensya, at sumusuporta sa imprastraktura at transit.

**Mga Highlight**

- $65.2M para sa bagong konstruksyon ng panlibangang mga pasilidad, kabilang ang hub ng kabataan at ang Sports Hall of Fame
- $4.7M para sa bago o pinagandang mga parke ng kapitbahayan, upgraded na mga pathway, sports fields, playgrounds, at trails
- $9.1M sa loob ng tatlong taon para sa pagdagdag sa edukasyon, trabaho, at mga pagkakataon ng paglago ng negosyo sa downtown Brampton; $13.4M para sa mga inisyatiba sa

rebitilisasyon ng downtown Brampton; at $20M para maghanda sa konstruksyon ng Centre for Innovation
- $19M para sa mga bagong bus; karamihan ay mga electric; $17M para sa ekspansyon ng Züm service sa Chinguacousy Road corridor ($3.3M sa 2022)
- $22.6M para sa resurfacing ng mga daan, muling konstruksyon at iba pang mga pagpapa-improve
- $100M sa loob ng tatlong taon para sa proyektong Riverwalk ($9.3M sa 2022) para sa pagpapababa ng baha at pag-unlock sa potensyal sa ekonomiya ng nakapaligid na lugar, kabilang ang downtown
- Internship at mga programang Co-op para sa mga Black at Katutubong kabataan; plano sa Diversity, Pagkakapantay-pantay at Pagsasali sa Lahat para sa Brampton Library
- Walong bagong mga camera sa Pagpapatupad ng Automated na Bilis para sa mas ligtas na mga daan

**Hinubog ng komunidad**

Iniimbitahan ng Lungsod ang publiko na magbigay ng kanilang opinyon sa 2022 Badyet, kabilang ang sa pamamagitan ng email, telepono, at mga tele town hall na nagpasali sa:
- 50 negosyo sa pamamagitan ng inilaang Town Hall sa Negosyo
- 5900 residente sa pamamagitan ng Pampublikong Tele Town Hall
- 280 sagot sa pamamagitan ng pagboto sa social media
- Siyam na delegasyon
- Dalawang presentasyon mula sa mga local board kabilang ang Downtown Brampton BIA at Brampton Library

Nakarinig din ang Lungsod mula sa maraming residente, organisasyon at stakeholder na nagpresenta sa Komite sa Badyet nong Nobyembre.

**Mga Quote**

“Para sa pinal na badyet ng Termino ng Konseho na ito, magkaisa tayong sumusuporta at inihahaid ang ikaapat sa magkakasunod na pag-freeze sa buwis sa Brampton at pinanatili ang pinakamalaking kontribusyon sa mga reserve, na una sa isip ang pagiging sustenable sa pinansyal at pag-unlad ng ating Lungsod. Muli rin nating kinukumpirma ang ating commitment sa pagtugon sa emerhensya sa pangangalagang pangkalusugan ng Brampton, inilaan ang $62.5M ng pondo para sa bagong Peel Memorial Hospital. Ang 2022 Badyet ay susuporta sa komunidad habang patuloy tayong dumadaan at umaabante mula sa pandemyang COVID-19, at itakda ang Lungsod para sa patuloy na tagumpay sa pagbibigay ng ekselenteng kalidad ng buhay at serbisyo para sa lahat sa Brampton.”

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton; Chair, Komite sa Badyet*

“Committed tayo sa pagpapasali sa mga tao sa Brampton sa buong proseso ng 2022 Badyet, at ipinarinig nila ang kanilang mga boses – gustong mapanatili ng mga Bramptonian ang mga antas ng serbisyo, habang pinapanatiling abot-kaya ang mga bayarin sa buwis. Pinalahok ng Lungsod ang higit sa 50 negosyo at 5,900 residente sa mga Tele Town Hall, at 280 sagot sa mga botohan sa social media. Ang 2022 Badyet ng Lungsod ay naglalarawan sa kanilang mga opinyon, at magpapahintulot sa Lungsod na ihatid ang halaga para sa mga mamamayan habang hinuhubog ang kinabukasan ng Brampton bilang nakakalusog, diverse, inobatibo at masiglang komunidad.”

*- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Komite sa Badyet*

"May pokus sa pagka-madaling nakakabangon sa ekonomiya at sustenableng mga pamumuhunan, ang 2022 Badyet ay magpapasulong sa Lungsod habang tayo ay lumilitaw mula sa pandemya at hinuhubog ang kinabukasan ng ating lumalaking komunidad. Ang Badyet na ito ay kaayon sa Mga Prayoridad sa Termino ng Konseho at magpapahintulot sa atin na patuloy na lumikha ng mga oportunidad, mintinahin ang mga pasilidad ng Lungsod, mga pampublikong lugar, mga programa at serbisyo na aambag sa kalidad ng buhay ng mga residente."

*- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca